## *Republic's Heart...*

*(Continued from page 1)*

kitchens (at the time of writing, these kitchens were temporarily not operating for lack of food supplies from the Biba, where it could get commodities at controlled prices) is to see the face of a nation in distress, a nation clinging faithfully to dear life in the wake of a global war with its inevitable concommittants of hunger, desolation, death. To see these wards of the Republic is to visualize, with one sweep of the imagination, what a thoughtful and grateful government is doing for its less favored members.

The Republic started these community kitchens in June when it became evident that the Biba could no longer supply the daily rations of 120 grams per day for each resident for the simple reason that the cereal was most difficult to obtain from the rice regions because no inconsiderable part of the stock had criminally been canalized into the hands of profiteers and other human vultures who thrive on the misery, confusion, and abnormalcy of the times.

Regardless of race or creed, anybody who is in acute distress, unemployed, or unable to buy rice at the black market, which is undoubtedly dominated by avaricious opportunists, was given a ladleful of boiled rice, *lugao*, or corn as the case may be.

Started in June, the community kitchens began with an operating fund ₱1,700,000. The Central Community Kitchens Committee endeavored to get the best available under the circumstances, and achieved almost a miracle by giving what amounts to a fairly good meal during these times, at a cost of less than forty centavos. At the start, these rations could not be bought at less than ten times their cost in the black market.

According to Director Honorio Poblador of the Bureau of Public Welfare, who is also executive officer of the community kitchens, the enterprise has already incurred an indebtedness of ₱3,145,081, so that there is a deficit of nearly ₱1,500,000.

But look at these figures: in June, 1,526,528 meals were served at an average per capita cost of ₱.38; in July, 2,062,708 meals at ₱.25 each; in August, 2,106,628 means at ₱.33; and in September, 2,643,836 meals at ₱.34 each. The figures are not yet complete for October, but Director Poblador expects an appreciable increase, what with rice soaring to around ₱250 per ganta in the wartime criminal world of the black market.

Week ago, when interviewed by a representative of *The Republic* at ration hour, one of these recipients of the government's bounty tearfully cried. He is an old man of about sixty, his "langochi" trousers past mending, and his undershirt about to fall off from his shrunken frame, and he was too weak even to talk. After he had received his ladleful of "lugao," and a few pieces of roasted "dilis," he was able to talk between tears.

"We thank President Laurel!" he said. "May God bless him! If not for these meals, I and thousands like me would now be corpses. If only the people who control the black market would see us, as you are seeing us now, they may perhaps have a change of heart and they might become less greedy and more human. I tell you, if not for these community kitchens, these black market people would long ago have become the object of violent public indignation."

As he moved on, a girl of about eleven years old took his place in the ranks, followed by three others, her mother and two other emaciated creatures.

They told a similar story. And their story is typical. They could well provide themselves with rice, when its price was not yet beyond the ₱20-a-ganta mark; but when, around April, rice prices began zooming to heights beyond the wildest imaginings even of the most rabid pessimist, they gave up. And if it were not for the community kitchens, they would now be resting in some nameless graves . . .

## Message Sent On Meizi-setu

On the occasion of Meizi-setu on November 3, President Jose P. Laurel, in a special message, wished the Japanese people continued prosperity and success under the wise and benevolent guidance of their revered Emperor and their great leaders who draw their inspiration from the great Emperor Meizi who placed Japan among the first powers of the world.

The Japanese people, stated the President, gather new courage for the strenuous tasks ahead from the hallowed memory of the great Emperor Meizi.

The President's message follows:

"On the occasion of the birthday anniversary of His Majesty, the late Emperor Meizi, I wish to extend to the Japanese people my sincere wishes for their continued prosperity and success under the wise and benevolent guidance of their revered Emperor and their great national leaders, who draw their inspiration from that great ruler who placed Japan among the first powers of the world. Japan owes much of what she is today to the vision and energy of Emperor Meizi, and the Japanese people cannot but gather new courage and devotion for the strenuous tasks ahead from the hallowed memory of this great leader and ruler of their race."

## Laurel Affords...

*(Continued from page 1)*

our people. We know that we are not going to live very long, especially during these crucial days. When we die we shall leave behind us men of the younger generation who have understood our purposes and the objectives of the Government and our people; and when we shall have gone and perhaps been forgotten, they shall carry over the work we had left behind. This is precisely the reason I have taken the liberty of making this very fortunate choice. He is one of our most brilliant young men and I speak for the Minister of Foreign Affairs in wishing him success. With his vigor, energy, patriotism and loyalty to his superiors and to the Government, I have no doubt that, as we expand our international relations, the Ministry of Foreign Affairs, now under the leadership of one of our greatest countrymen, and with his technical cooperation as Vice-Minister, the appointment is for the best interest of our country. I wish to extend my congratulations and reiterate my felicitations to the Minister of Foreign Affairs for this appointment."

### 30,000 Magaanak Ang Tinulungan Ng Pamahalaan

Mahigit na 30,000 magaanak sa Maynila ang tumanggap ng mga alaala sa pamahalaang pangbansa dahil sa pagdiriwang sa unang kaarawan ng pagsasarili ng Pilipinas. Ang ipinagkaloob ay mga damit, tuyong isda, niyog at iba pang pagkain.

Karamihan sa mga nakinabang sa mga handog na ito ay ang mga magaanak na dukha at talagang nangangailangan.

Sa pangalan ng Pangulo at Gng. Laurel ay 37,341 yarda ng telang dadamitin ang binahagi ng mga samahan sa kawanggawa sa kanikanilang tangkilik.

Sa isang dako, ang pamahalaan ay tumanggap din naman ng mga gamot at lunas na umaabot sa halagang ₱296,000 at kaloob ng mga nakagigiliw sa Republika.

### Nahirang Na Bise-Ministro Si Evangelista

Sumumpa si Teodoro Evangelista sa kanyang bagong tungkuling bise-ministro ng mga suliraning panglabas sa harap ng Pangulong Laurel sa Malakanyang noong Martes. Si G. Evangelista ay dating patnugot ng mga suliraning panglabas.

### Itinaas Nang Ibayo Ang Buwis Sa Ariarian

Ipinasiya ng Pangulong Laurel sa bisa ng Kautusan Blg. 42 na dagdagan nang 100 sa isangdaan ang buwis sa amilyaramiento sapul sa unang araw ng Oktubre ng 1944. Kinakailangan ng pamahalaan ang dagdag na likumin para sa kanyang mga lumalaking gugulin, lalo na ang panulong sa mga naghihikahos.

## Insurance Firm Is Organized

Fired by a desire to help encourage and develop the habit of thrift and finanial independence among the people, and thereby contribute to the economic well-being of the nation, several Filipino businessmen have formed a new life insurance company, with a capital stock of ₱5,000,000. The company will be known as The Associated Life Insurance Company.

The men behind the new company are Judge Manuel Camus, president of El Hogar Filipino; Mr. Francisco SyCip, president of the Associated Finance Company; Dr. Luis R. Salvosa, formerly manager of the Government Service Insurance System; Director Eulogio B. Rodriguez, of the National Library; and Attorney Lorenzo Tanada, former Assistant City Fiscal of Manila.

The officers of the company are Judge Manuel Camus, president; Mr. Francisco SyCip, vice-president; Dr. Luis R. Salvosa, general manager and actuary; and Atty. Simeon M. Gopengco, secretary-treasurer.

The Associated Life Insurance Company will write all forms of life insurance and annuities, including war risks. Appointed general agents of the new firm are C. S. Gonzales and Company.

The home office and agency of the company are located at the Metropolitan Theater Building, Plaza Burgos. Formal opening for business will take place shortly.

## Inihayag Ni Laurel...

*(Karugtong ng nasa pahina 4)*

Ang pagbabalak sa kabuhayan na tuwirang pinangangasiwaan ng Pamahalaan ay siyang nangingibabaw na simulain ng daigdig sa ngayon. Ang makabagong pamumuhay ay naging lubhang masalimuot; ang pakikipaghamok at pakikipagsalimbayan ng mga adhikaing panlipunan sa mga pamamaraang niluma-ng-panahon, ang karamihan ng mga bagong imbensiyon na nagpapawalang-saysay sa mga matatandang kaalaman hinggil sa agwat, panahon, bilis at sa pagsisikap ng tao ay siyang nakapagpabago sa anyo ng nararapat maging kasiyasiyang pamumuhay ng mga pangkat, kung kaya kapag mga tao lamang, sa pagtataguyod ng kani-kanilang iilang mga kapakanan, ay di na maaaring pagkatiwalaan ng di-natatakdaang kalayaan sa paggawa ukol sa kabuhayan, nang hindi nila lilikhain, sinasadya o hindi, ang isang di-timbang na kalagayan sa buhay ng lipunan. Kinakailangang ang Pamahalaan ay siyang magbalak at mangasiwa sa lahat ng malalaking gawaing pangkabuhayan upang matiyak sa bawat mamamayan ang di-mababawasang sapat na kapanatagan at kaginhawahan, at ng kakayahang makapagtaguyod sa isang maunlad na pamumuhay. Hindi kukulangin dito ang nilulunggating gawin ng Pamahalaan ng Republika.

Bukod sa iba pang mga tungkulin, ang Lupong Tagapagbalak sa Kabuhayan ay gumagawa ng "isang pagsasaliksik at pag-aaral sa mga kayamanang pangkabuhayan ng bayan at hinggil sa iba pang mga hakbanging kinakailangang isagawa ukol sa wastong pagpapaunlad, pagsasamantala at pagsasangkap sa mga nabanggit na yaman tungod sa wastong pagpapanibagong-tatag ng pambansang kabuhayan upang matiyak ang kasapatan ng bansa sa sariling pangangailangan at tuloy makapagdulot sa pamahalaan ng salaping kailangan sa kanyang ikabubuhay." Ang Kagawaran ng Pagsasaka at Pangangalakal at ang Kagawaran ng mga Suliraning Pangkabuhayan ay siyang nagpapabisa sa mga panukalang binanghay ng Lupon at pinagtibay ng Pangulo, sa payo ng Gabinete at pagkatapos maisangguni sa Sangguniang-Bansa.

Bagama't walang bungang karaka-raka ang maaasahan kundi ang marahil ay higit na pagdami ng mga pagkaing pangkagipitan sa sa mga ilang buwang darating, sa takdang panahon ang Lupon ay dapat makapaglahad ng mga panukalang pagsasaligan ng mga pagbabago sa ating pambansang kabuhayan. Ang mga pangunang layunin natin tungo rito ay tiyak at maliwanag. Una sa lahat, ang ating pagsasaka, kasama ang ating mga industriya ng paghahayupan, manukan at "dairy" o mga produkto ng gatas, ay kailangang pagyamanin upang sila'y magbunga ng lahat nating pangangailangan sa pangunang pagkain, asukal, kape, dalandan at iba pang mga bungang-kahoy, karne at mga produkto nito, itlog, gatas, mantekilya at keso. Itatatag ding panibago ang ating industriya ng pangisdaan upang makatiyak ng saganang dami ng sariwa at tuyong isda sa buong taon. Sapagka't kinakailangang magpatuloy tayo sa pagpapabunga ng mga pananim na pinagkukunan ng salapi na gaya ng tubo, niyog, tabako at abaka na ipadadala sa ibang bansa upang makabiii ng mga makinang ukol sa maliliit na industriya na kailangan nating itayo, ay maglalaan tayo ng mga kinakailangang lupain para sa mga ito; nguni't kailanma'y hindi na natin pahihintulutan ang kanilang paglikha sa ikapipinsala ng puhunan, lupa at ng mga mamamayang kailangan sa paglikha ng mga di-maiiwasang pagkain. Sa wakas, ang magiging kanais-nais na pangyayari ukol dito ay ang mabanayad na paglawak ng mga lupaing binubungkal sa taun-taon upang samantalang tinatamo natin ang patuloy na pagsagana ng mga pangunang pagkain ay dapat ding dagdagan natin ang kabuuan ng mga inaaning pananim na pinagkukunan ng salapi.

(Itutuloy sa susunod na bilang)

## "Tatlong Maria" Sets New High In Local Film Standards

By Vicente L. del Fierro

There was a time when local films were pale imitations of Hollywood opuses, when local actors trimmed their hair a lo Robert Taylor, and our actresses in the fashion of western female screen divinities. That was a long time ago, if we are to estimate the progress made by Philippine talkies since pre-war days, with "Tatlong Maria," as the yardstick.

And we daresay that no follower of local film productions, much less the writer of this review who has been identified with the progress of Philippine talkies since more than ten years ago when local talking pictures first made their appearance, will fail to notice the vast improvements.

"Tatlong Maria" is a turning point in many respects. It is not only the most notable picture of these troublous times; it amounts to a pictorial testament of this tragic as well as epochal era, and it breathes of the spirit and hopes of the Philippines of these daring and perilous hours, catching the never-dying truism of every-day life as it is lived.

The story element in "Tatlong Maria," is rather weak, rather it is almost hackneyed. In a more direct way, it is something to be expected. Any three sisters in any family anywhere can be expected to turn out as the three Marias in "Tatlong Maria." And it is not hard to guess that they would get the type of husbands that their nature deserved.

Taking the three sisters, then, as typical, as characteristic of such fictional figures, and the story as rather commonplace, why is "Tatlong Maria" such a magnificent picture? The answer is quite plain: it's the magnificent acting of the three female leads: Carmen Rosales, Norma Blancaflor, and Liwayway Arceo, the latter outshining the two veterans. As a neophyte, Liwayway Arceo is a meteoric success, and if we are to judge by the reception she is getting from the crowds in this picture, she is bound to have an assured career in the Philippine movies of the coming years.

The acting of Fernando Poe and Precioso Palma, among the male actors, is flawless and true to life. To this reviewer, it is these two who deserve high commendation, for together with Mameng Rosales, Norma Blancaflor, and Liwayway Arceo, they bring to "Tatlong Maria" the high note of histrionic perfection that is something unknown hitherto in Philippine movies.

Dr. Gerardo de Leon deserves no small amount of praise for there is in "Tatlong Maria," an imprint truly Philippine, uninfluenced by foreign affectations, for which this director is justly noted.

To see "Tatlong Maria" is to feel that if facilities were available, Philippine movies might yet outdistance the already big strides made by the theater arts since three years ago.

## Oasis Sa Gitna...

*(Karugtong ng nasa pahina 4)*

pang tumatanggap ng rasiong bigas hangga ngayon, at naging kapakipakinabang din naman sa kaban ng siudad at sa bangko ng nagpautang.

Tuwi nang kukulangin ang sariling salapi ng siudad ay nagpapaluwal ang magaanak na Lopez (Eugenio) at Moreno (Gng. Lopez), na nagbili ng ilang libong sako ng palay sa pamahalaan ng lungsod sa ₱10 isang sako. Ang siudad ay siya nang kumukuha ng palay sa Kuyapo, Nueva Esiha. Iba pang litaw na magaanak ang nagsitulong din sa ganitong kapuri-puring paraan.

Nang magbanta ang panghuhuthot, nagtatag agad ang pamahalaan ng isang sadyang tanggapan sa pamimili at pagbibili ng mga pangunang kailangan. Sinamsam niya ang lahat ng trak na humihimpil sa Bagyo at pagkaraang magamit sa makailang paghahatid ng pagkain, ayon sa kasunduan, ay saka isinauli sa mga tunay na may-ari.

Ang Hukbong Imperial Hapones ay may malaking naitulong upang ang Bagyo ay maging huwarang siudad, gayon din si Mahistrado Dionisio de Leon na siyang gobernador militar ng Purok Blg. 2.

## Medicines, Drugs Given

Donations in drugs and medicines, valued at ₱296,600, have been received by the Republic of the Philippines on the occasion of the celebration of its first anniversary, Minister of Economic Affairs, Pedro Sabido, Chairman of the Sub-Committee on Rations, announced last week.

According to the Minister, in order to benefit as many people as possible, these drugs and medicines are not being given directly to sick persons but instead are being distributed to hospitals and clinics for the use of those who deserve free medical service, upon the prescription of competent physicians.

The agencies to whom these drugs and medicines had been turned over for proper use and distribution are the Office of the City Health Officer, the Bureau of Health, and the Philippine Red Cross.

## *Sinisiyasat...*

*(Karugtong ng nasa pahina 4)*

pinsalaan ng mga kasapi at sa pagsasamantala sa mga dukha.

Natalos na ang Ministerio ng karaingan laban sa pangasiwaan ng ibaibang Samahan sa Pagtutulungan. Isa sa mga hinakdal ay ang kamahalan ng halaga ng mga paninda na umano'y mataas pa kaysa "black market" kaya hindi makabili ang mga kasaping mahihirap.

Ibig malaman ng marami kung ang panghuhuthot na pinaguusig ng pamahalaan sa mga mangangalakal at tindahang partikular ay ipinahihintulot sa mga tindahan ng MCCA.

Ang Ministro ng Kabuhayan ay nagpasugo agad ng kanyang mga ahente upang siyasatin ang mga sumbong. Napagalaman na ang Malakanyang ay tumatanggap din ng mga daing hinggil sa bagay na ito.

Ang sino mang manadyer at iba pang patnugot ng MCCA na marapatan ng pagkakasala o katiwalian ay paguusigin sa tanging hukuman na nilikha ng Pangulo ng Republika, alinsunod sa mga tagasiyasat.

# *Buo Ang Tiwala Sa Republika, Sabi Ni Laurel*

Matibay at hindi mababawasan ang tiwala ng bayan sa katatagan ng Republika, alinsunod sa pahayag ng Pangulong Jose P. Laurel nang hingan siya ng kuro hinggil sa mga nangyayaring labanan sa ilang dako ng Pilipinas.

Malaki nag pagdaramdam ng Pangulo na ang Pilipinas ay maging larangang muli ng digmaan, nguni't nananalig siyang hindi tayo pababayaan ng Dios at ng lakas na sandatahan ng Hapon.

Ang tagumpay sa Leyte ng hukbong hapones at lalo na sa dagat sa gawing silangan ng Kapuluan ay nagbibigay ng ibayong pagasa sa bayang pilipino na ang kanilang kalayaan ay hindi mapapanganyaya, ayon sa pahayag ng Pangulo.

Yayamang ang mga pilipino ay hindi siyang tuwirang nakikidigma se larangan, ipinagunita ng Pangulo na tungkulin nilang dagdagan ang kanilang pagsisikap sa mga kinauukulang gawain at idulot ang lahat ng tulong na kailangan ng Hapon nang alinsunod sa kasunduan ng dalawang bansa.

Ang pagkakaisa ng mga magkakalahi at ang lubos na tiwala sa kanilang Republika ay siyang magiging gabay ng kaligtasan ng bansa, inulit ng Pangulo. Tiniyak niyang ang ano mang pagkakahati sa panahong ito ay tanda ng kahinaan na walang salang magbubunga ng kasawiang pangbansa.

"Ang digmaan ay hindi panghabang panahon," sinabi ng Pangulong Laurel. "Ako ay naniniwala na hindi pahihintulutan ng Dios na mapuksa ang mga pilipino."

## *"Genuwine"* Mga Lobong Dayukdok

**Nakalulungkot na kinailangan pang liwanagin at ipaalaala ni Ministro Sabido na ang NADISCO at mga MCCA o Samahan sa Pagtutulungan ay itinatag ukol sa paglilingkod sa bayan at hindi upang magkamal ng tubo, na gaya ng isang karaniwang negocio.**

**Nguni't sa harap ng mga nangyayari, ang katotohanang ito ay dapat ipaalaala at liwanagin sa tuwi-tuwi na. Sa pasimula pa ay nakita ng mga manadyer na rin na ang halaga ng ilang uri ng paninda ng NADISCO ay higit na mahal kaysa nabibili sa pamilihang bukas, at napatunayan naman ng mga kasapi na ang maraming paninda ng mga MCCA ay lalong mahal kaysa nasa pamilihang-itim. Hindi lamang ito. Ang pagsasamantala ng mga pinuno, ang pagtatangi-tangi, ang pagtanggap ng pabagsak at iba pang katiwalian, na halos isa nang tradisyon sa nakararaming tanggapan ng ating pamahalaan, noon at ngayon, ay sinasabing lalo pang totoo sa mga tindahang-bayang ito, sa panahong ang mga pangunang kailangan sa buhay ay makapupung matimbang kaysa salaping papel.**

**Sa ganyang takbo ng pangyayari ay maliwanag na bigo ang lalong mataas at marangal na layuning naging dahil ng pagtatayo ng mga tinurang samahan.**

**Sa ating karanasan sa pagkatalo ng magagandang simulain at mithiin ay mapipilitan tayong kumilala na ang tagumpay at katalunan ng mithii't simulain ay nasa uri ng mga taong pagkakatiwalaan. Itiwala ang mga MCCA sa kamay ng mga may mikrobyo ng panghuhuthot sa dugo o ng mga may lagnat ng pagpapayaman sa sarili sa panahon ng digma at ng gutom, ay parang binuksan ang paminggalan ng masasarap na pagkain sa isang kawan ng mga lobong dayukdok.**

## PAGPAPADILIM NA LUBUSAN SAPUL SA IKA-11 GABI-GABI

**Dahil sa kalagayan ng Siudad na laging may babala ng pananalakay mula sa himpapawid, ipinagutos ng Gobernador Militar ng Maynila na sapul sa ika-6 ng gabi ay paiiralin ang bahagyang pagpapadilim, nguni't sapul sa ika-11 ng gabi hanggang sa magumaga 11ng gabi hanggang sa magumaga ay isagawa ang lubusang pagpapadilim o "total blackout." Ipinatatalastas sa mga mamamayan na ang paglabag sa utos na ito ay mahigpit na paguusigin.**

# Ligtas Sa Loob Ng Kublihan Kung May Raid

Halos 99 sa isangdaan ang kaligtasan ng mga nangungubli sa "airraid shelter" sa panahon ng pananalakay sa himpapawid, ipinakikilala ng mga ulat ng Civilian Protection Service at ng Konstabularia Metropolitana.

Sa daandaan nang napahamak o inabot ng kapinsalaan habang may "airraid" ay natalos na sila'y naglalakad sa daan o nasa hayag na pook nang mangyari ang sakuna.

Ang mga mamamayang nagpasiyang manatili sa Maynila ay nagtayo ng mga sariling "airraid shelter" kungdi sa loob ng bakuran o likodbahay ay sa tapat ng kanilang tahanan. Ang karaniwang kublihan ay hinukay at nilagyan ng pinakasibing kahoy saka pinatungan ng makapal na lupa. Ang mga maykaya ay nagpagawa ng mga kublihang yari sa bato at bakal.

Itinatagubilin ng CPS na ang uri, ayos at hugis ng mga kublihan ay alinsunod sa mga planong inihanda ng mga eksperto ng pamahalaan, pagka't ang mga ito'y tiyak na ligtas sa panganib.

Ang marami ay walang ginagamit na kublihan kungdi ang isang mesang kahoy na pinatungan ng mga libro, unan at iba pang kasangkapan. Ayon sa mga maykapangyarihan, samantalang nakatutulong din ang ganitong uri ng kublihan ay hindi gaanong maaasahan ang kaligtasan, lalo na kung mapapalapit ang tama ng punglo o "shrapnel."

Ikinasisiya ng mga pinuno ang mahusay na pagtalima ng madla sa mga kautusan ukol sa panahon ng "alert" o ng totohanan nang pananalakay mula sa himpapawid. Kinikilala ang malaking tulong ng mga pangulo at patnubay ng mga samahang pangkapitbahay sa pagpapayo sa kanilang mga kasapi.

# Makaluluwag Sa Krisis Ang Bagong Ani Ng Bigas

Malaki ang pagasa na makatitighaw sa malubhang krisis sa bigas ang kasalukuyang ani ng mga lalawigang magpapalay ayon sa pahayag ni Ministro Pedro Sabido ng mga suliraning pangkabuhayan sa pakikipanayam ng *Republika*.

Gayon man, ang kagipitang nakikita ay nasa kakulangan ng transportasion kaya hanggan ngayon ay hindi mataya kung gaanong lunas ang maidudulot ng bagong ani sa kasalukuyang tagsalat sa bigas.

"Isang bagay ang maaaring tiyakin," anang tagapagsalita ng Malakanyang, "at iya'y ang di pagpapabaya ng Pangulo na magutom ang mga mahihirap sa Siudad."

Ipinagutos sa mga pinuno ng mga samahang pangkapitbahay na gumawa ng panibagong senso ng kanilang mga kaanib, upang siyang mapagsaligan sa hinaharap na pagrarasion. Nahiwatigan na bukod sa bigas ay magrarasion din ng mais at kamote.

Sa ilang liggong nagdaan ay ginawa ang walang bayad na pamamahagi ng bigas sa mga hikahos na magaanak sa Maynila. Ipinagutos ng Pangulong Laurel na ang mga unang sako ng bigas na nasamsam sa mga nagiimbak nito nang labis ay ipamudmod sa mga mamamayang lalong nangangailangan ng tulong. Dahil sa ganyang hakbang ay libolibong maralita ang noon lamang nakatikim ng sinaing o lugaw, pagka't dahil sa tukodlangit na taas ng halaga ny malaon na silang hindi makabili ng bigas.

Samantala ay patuloy ang pagdudulot ng kanin sa mga dukha ng ilangpung kusinaangbayan sa Siudad. Sa arawaraw ay libolibo ang nakapagtatawidgutom sa mga kakanang ito na nadudulugan ng mga naghihikahos sa lahat ng panig ng Maynila.

Bukod sa riyan, tuwing may pagkakataon ay nagkakaloob ang Pangulong Laurel ng mga tanging alaala na binubuo ng pagkain, damit at kaunting salapi sa mga mahihirap hindi sa Maynila lamang, kungdi gayon din naman sa mga lalawigang kalapit.

Dahil sa hinaharap na tagani, inaasahang magkakaroon ng malaking kaluwagan sa bigas sa buong Luson. Sinisikap ng Bigasangbayan ngayon pa upang ang aanihing bigas hanggang sa makapasko ay huwag mahulog sa kamay ng mga manghuhuthot. Natalos sa tanggapan ng pagpapasagana sa pagkain na magkakaroon ng mabuting ani sa kasalukuyang panahon, lalo na sa mga lalawigan ng Pangasinan, Nueba Esiha at Bulakan.

## Ukol Sa Paglilingkod ang NADISCO, Di Sa Tubo

Itinatag ang Nadisco, kapalit ng dating Primco, upang maglingkod sa bayan at hindi magkamal ng pakinabang, ayon sa paalaala ni Ministro Pedro Sabido ng mga suliraning pangkabuhayan. Sinabi niyang ang tungkulin ng samahang ito ay magtamo ng lalong maraming pangunang kailangan at ipamahagi sa madla. Ipinahayag din ni Ministro Sabido na ang mga MCCA ay kasangkapan lamang ng bayan sa pagbibigayluwag sa mga kagipitan nito sa kabuhayan.

# 1,500 Tanod Ang Gaganap Sa Maynila

Magsisimula ng pagtupad sa kanilang tungkulin ang 1,500 "homeguard" o tanod na pangpook sa Biernes, ika-10 ng Nobiembre, pagkaraang samasamang makapanumpa sa harap ng Gobernador Militar Leon G. Guinto.

Ang Pangulong Laurel ay nagutos ng paglikha ng pangkat ng mga tanod na pangpook, na magkakaroon ng kapangyarihan at sahod ng pulisia, upang makatulong sa mga gawain ng Konstabularia sa pangangalaga sa kapayapaan at kaayusan.

Naunang nagsisumpa noong Mierkoles ang mga pinuno ng "homeguard" sa Maynila; Inspektor Heneral Manuel de la Fuente, Katulong na Inspector Heneral Eduardo Cardenas sa Hilaga, at Katulong na Inspektor Heneral Genaro Paz sa timog. Sa seremonias ay kaharap si Ministro Teofilo Sison at ang mga pinuno ng Konstabularia Metropolitana.

Nabatid sa City Hall na ang mga tanod ay gagamit ng unipormeng kaki na halos katulad ng sa mga pulis, at ang pinakatsapa ay banda sa kaliwang bisig. Sila'y hindi gagamit ng armas kungdi ng buhong tinulisan sa dulo.

Ang bawa't baryo o nayon ay magkakaroon ng sariling himpilan ng mga tanod na bubuuin ng kung ilan ang bilang ng saklaw na samahang pangpook. Gayon man, ang Gobernador Militar ay maaaring magdagdag sa mga pook na maligalig.

"Kami'y magiging tunay na lingkod ng bayan at hindi kalaban ni tagausig," ang pahayag ni Inspektor Heneral de la Fuente.

Ang isang "homeguard" ay sasahod nang ₱80 sa isang buwan, bukod sa 50 sa isangdaang bonus at sa tanging bonus sa bawa't anak na walang sapat na gulang.

Ipinatalastas ng Gobernador Militar Guinto, na ngayong mabalik sa kanya ang dating kapangyarihan sa ibabaw ng Konstabularia Metropolitana, ay pagiisahin niya ang lakas ng tinurang pangkat, ng dating Pulisia at ng "homeguard" upang magamit sa pagpapairal ng batas at sa paglipol sa masasamangloob.

## "Nilugaw" Abuloy Sa Surian Ng Wika

Ang kahirapan ng bigas ay nasamantala ng mga taga-Laguna upang sila ay lumikha ng bagong pagkain at bagong salita. Ito'y ang lubhang popular doon na "niyugaw"—ang ibig sabihin ay nilugaw na hinaluan ng niyog.

# Oasis Sa Gitna Ng Taggutom, Isang Huwarang Siudad Ang Bagyo

Isang balitang mahirap paniwalaan ng mga taga-Maynila ang tinanggap namin mula sa Bagyo na nagsasabing "nalutas ng siudad na ito ang krisis sa pagkain, at maipagmamalaking siya ang huwarang siudad sa buong bansa, at diya'y hindi natatangi ang Maynila."

May sapat na pagkain ukol sa lahat na dumarating araw-araw, naghahari ang katahimikan at kaayusan at nasisiyahan ang madla, ang kalagayang ito ng Bagyo ay siyang dahilan kung bakit halos nagibayo ang bilang ng mga mamamayan doon sa loob ng tatlong buwang lumipas.

Inuugitan ng isang pangasiwaang may kaya at tapat na malasakit at tinutulungan ng mga makabayang naninirahan, natakpan o naiwasan ang lahat ng kagipitang ibinubunga ng digma. Halimbawa, iniukol ng siudad ang lahat ng kanyang labis na salapi sa pagbili ng bigas, at bukod sa riya'y umutang pa sa bangko upang makapamakyaw ng pagkaing nabanggit. Ang ganitong hakbang ay naging tunay na biyaya sa mga mamamayan, na patuloy

*(Nasa pahina 3 ang karugtong)*

# Sinisiyasat Ang Ilang MCCA

Malulubhang katiwalian sa ilang MCCA sa Maynila ang sinisiyasat ng mga pinuno ng Ministerio ng Kabuhayan at ng Kawanihan ng Kalakal, ayon sa nabatid sa mga kinauukulang tanggapan.

Pagdaraya, panghuhuthot, pagmamalabis at pagtatangitangi ang mga sumbong na napaharap laban sa ilang tagapangasiwa, na sinasabing nagpapayaman sa ka-

*(Nasa pahina 3 ang karugtong)*

## TALUMPATI NG PANGULO

# Inihayag Ni Laurel Ang Balangkas Ng Nagsasariling Bagong Pilipinas

***(Karugtong ng talumpati ng Pangulong Jose P. Laurel na binigkas sa pagdiriwang sa kaarawan ng pagsasarili ng Pilipinas noong ika-14 ng Oktubre)***

Subali, kahi't sila'y naliligaw o di mapapaniwala, ang mga kawal na gerilya ay gumagawa ng katulad ng kapinsalaan sa ating mga kababayan na gaya ng mga manghaharang at mandarambong na pumapatay, nagnanakaw at nananakit sa ating sariling mga kababayan at nagkakalat ng ligamgam sa mga bukirin. Sapagka't kapwa ang mga kilusan ng gerilya at ang panghaharang o pandarambong ay nakahahadlang sa puspusan at masaklaw na pagtatanim at pag-aani ng mga pagkaing siyang mahigpit na kinakailangan ng mga taumbayan, at nakasasagabal sa karaniwang lakad ng pangangalakal; sa ganito'y pinalulubha nila ang kahirapan ng mga mamamayan dahil sa kasalatan ng mga pangunang kailangan at ng pagtaas ng mga halaga.

Kung kaya, ang ikatlong bahagi ng ating simulain sa pagpapayapa ay binubuo ng isang maliwanag at mabisang paglalarawan ng malubhang pagbabanta ng tagutom na halos di na nalalayo sa atin. Nalulit na namin, sa di-mabilang na pagkakataon, ang kasindak-sindak na katotohanang kung hindi natin karaka-rakang pag-iibayuhin ang dami ng ating inaaning pagkain, sa pana-panahon, at sa buong taon, at yao'y titipunin upang maipamahagi, ang mga pook na lubhang nagsasalat ay maaaring mabawasan ng mga naninirahan dahil sa tagutom at ang buong bansa ay mapipinsala ng kahinahinayang na pagkawala ng kaniyang mga mamamayan. Sapagka't ang suliraning ito ay sumasaklaw sa pangunang batas ng pag-iingat sa sarili, ang Pamahalaan ng Republika ay sumumpang susugpuin niya, maging anuman ang halaga, ang lahat ng panghaharang at pandarambong at gagawa ng lahat na makakaya upang mapanumbalik at mapanatili ang katahimikan at kaayusan. Kung walang iba pang makagagawa nito, ang pagbabanta ng laganap na kagutuman ay dapat makapilit sa pagtulong ng lahat sa mga pagsisikap ng pamahalaan na malunasan ang kakulangan sa pagkain.

Isang puspusang kilusan sa pagpapasagana ng pagkain ang siyang ikatlong malaking panig ng ating hinirang na gawain. Ang mga kinakailangang bagay sa pagpapasagana ng pagkain ay ang lupa, tao, kasangkapan, binhi, hayop na pambukid upang malinang ang malalaking lupain. Bago itinatag ang Lupong Tagapagbalak sa Kabuhayan ay nakapaglagda na ang pamahalaan ng mga batas at kautusang kinakailangan upang samasamang magamit ang lahat ng mga bagay na yaon. Iniutos na ang lahat ng mga lupang nakatiwangwang ay bungkalin, ng kanilang mga may-ari kung sila'y makagagawa at pumapayag; kung hindi, ay ng iba pang mamamayan, lalo na yaong mga walang hanapbuhay, nguni't sa ilalim ng pamamatnugot ng mga maykapangyarihan ng pamahalaang pampook. Iniatas din na ang mga lupaingbayan na dati'y di nabubungkal at angkop sa madaliang paggamit ay tamnan ng mga halamang makakain. Karagdagan pa nito, ang lahat ng mga liwasan, likuran at harapan ng mga bahay, laruan at tabindaan na pag-aari ng bayan, gayundin ang mga lupang pribado sa mga likuran, harapan o tagiliran ng mga bahay-bahay ay ginamit. Ang mga taong inilalaan sa layuning yaon ay sabay ring pinakilos. Mga nakatatag na pangkat na gaya ng mga nag-aaral, mga kasapi sa Kalibapi, samahang pangkapitbahay, at ng mga kapisanang pambayan at panrelihiyon ay tinawagan upang tumulong sa pagtataguyod sa kilusang ito sa buong bansa. Ang mapamaraang pagtitipon at pamamahagi ng mga binhi at ng lahat ng uri ng mga kasangkapan sa pagbubukid at sa pagsasaka ay isinagawa ng pamahalaan. Saka, isang batas ang pinairal na nagpaparusa sa kusang pagpinsala sa mga kalabaw at mga baka, at kasabay nito, ay isang kautusan ang inilagda na nagbabawal sa pagkatay o pagpatay ng mga kalabaw.

*(Nasa pahina 3 ang karugtong)*